

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN
NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG HUNYO 27, 1994,
9:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN

Mga Dumalo:

Kgg. Jesus M. Dimapilis

- Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

Kagawad Cesar T. Baticos
Kagawad Honesto O. Taytay
Kagawad Crisencio S. Calma
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.
Kagawad Ferdinand V. Talens
Kagawad Bernabe S. Mortel
Kagawad Cosme T. Mores, Jr.
Kagawad Ramulfo C. Bernal

Hindi Dumalo:

Kagawad Lorna F. Dimapilis

- SK Chairman

KAPASYAHAN BLG. 75
Taong 1994

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY
SA MGA NAULILA NG YUMAONG NAGING KAWANI NG PAMA-
HALANG BAYAN AT NAGING PUNONG BARANGAY NG BAGUM-
BAYAN, ROXAS, SILANGANG MINDORO, G. SILVERIO
FAJUTAGANA.

Alferns Talcedo

SAPAGKA'T, ang pagpanaw ng isang taong pinagpipitaganan at minama-
hal lalo pa't ng isang haligi ng tahanan at ng pamayanan
ay malabis na dinaramdam ng kanyang mga naiwan;

SAPAGKA'T, si G. Silverio Fajutagana, sa mahabang panahon ng pama-
malagi niya sa daigdig ay naging isang matapat na (lingkod-
bayan; una, bilang Teniente del Barrio o sa ngayo'y Punong
Barangay ng Paclasan na noo'y bahagi pa ng bayan ng Mansa-
lay, taong 1943- 1944, Teniente del Barrio ng Poblacion
at Kapitan del Baryo ng Barangay Bagumbayan sa loob ng may
siyam na taon; pangalawa, bilang caretaker o Tagapangasiwa
ng Roxas Electric Service at panghuli, bilang kawani ng
Pamahalaang Bayan ng Roxas sa loob ng mahigit na walong
taon hanggang sa kanyang pagre-retiro noong Enero, 1985;

Palma, 28, 1995

SAPAGKA'T, sa buong panahong ito ng kanyang pamumungkulan at pagli-
lingkod sa taong-bayan, si ("Tang Bilyong" o "Tang Bels")
na siyang magalang at mapagmahal na tawag sa kanya ng
nakararami ay naging matapat, masipag, masikhay sa kanyang
mga gawain at matatag sa pagsasagawa ng kanyang mga tung-
kulin at responsibilidad; kahit na nga sya ay may
katarungan na;

ceer

Alferns

SAPAGKA'T, si "Tang Bels" ay naging isang mapagkandiling ama sa maraming mga kawani ng Pamahalaang Bayang ito, mapagpayong magulang at masayang kasama kung paanong sa kanyang pamilya, siya ay naging isang mabuting asawa at ama ng kanyang mga anak;

SAPAGKA'T, ang pagkawala ni "Tang Bels" ay malabis na dinaramdam ng mga nagmamahal sa kanya na ang alaalang naiwan ay ang kabutihang itinanim sa puso at damdamin ng mga taong nabahaginan ng kanyang matapat na paglilingkod;

SAPAGKA'T, ang Sangguniang Bayan ng bayang ito, gayundin ang mga namumuno at mga kawani ay buong-pusong nakikiramay at nakikidalamhati sa pagyao ng isang ama, isang kaibigan at isang tunay na lingkod-bayan.

DAHIL DITO, sa mungkahi nina Kagawad Ferdinand V. Talens at Kagawad Honesto O. Taytay na mayaman ng lahat -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa mga naulila ng dating kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro at naging Punong Barangay din ng Bagumbayan ng bayang ito, "Tang Bilyong Fajutagana" ang tauspusong pakikidalamhati at pakikiramay ng Sangguniang Bayan at ng mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayang ito.

IPINASYA PA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa mahal na kaniyak at mga anak ng yumaong "Tang Bilyong Fajutagana" lakip ang aming mataos na pakikiramay.

Pinagtibay ng lahat.

Hunyo 27, 1994

Disyembre 11, 2004


PINATUTUNAYAN KO ang kawastuan ng kapasyahang ito.


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

ATTESTED:


JESUS M. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan

APPROVED:


GERACIO I. YASON
Punong Bayan